

WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas

Gime, Arjohn ✉

Manila Science High School
Philippine Normal University – Manila, Philippines (gime.av@pnu.edu.ph)

Macascas, Cristina

Philippine Normal University – Manila, Philippines (macascas.cd@pnu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

Received: 27 February 2020
Available Online: 10 July 2020

Revised: 6 June 2020
DOI: 10.5861/ijrse.2020.5823

Accepted: 26 June 2020

OPEN ACCESS

Abstract

This study explored the use of slang of Generation Z in the Philippines. It focused on analyzing the sociolinguistic transformation of language particularly in Senior High School and College students in selected schools in Metro Manila. It has been found that Filipino Generation Z known as GenZers are still using the language patterns like back formation, clippings, acronyms, metathesis, and relating to an icon. Furthermore, this also revealed that GenZers have developed a language transformation in a process of changing word to word, change in meaning and creating expressions. It is recommended to further explore the study in looking in depth the effects of WikaGenz in written discourses, the implication of messages with the other generations, and its possible implications to sociolinguistic phenomena.

Keywords: generation Z; slang; sociolinguistics; survey; variety

WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas

1. Panimula

Ang wika ay isang instrumento o kasangkapan ng sosyalisasyon, na ang mga relasyong sosyal ay hindi iiral kung wala ito (Sapir, 1949; Harris, 1951). Ang pagkakaroon ng isang wika ay isang simbolo ng solidaridad na mag-iisa sa mga indibidwal na tagapagsalita ng naturang wika. Ang pagbabago sa wika ay karaniwan ng bahagi ng pagbabago sa buhay. Ang pamamaraan ng komunikasyon ay sumasabay sa pagbabagong ito. Binibigyang-buhay ng komunikasyon ang pagyabong ng kultura, lipunan lalo na ng wika. Sa patuloy nitong pagbabago, umusbong ang mga salita na tangi sa isang pangkat ng tao. Ang dimensiyong sosyal ang nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga register, jargon, o sosyal na varayti tulad ng wika ng bakla (gaylingo), wika ng LGBTQ+, wika ng kabataan, wika ng mag-aaral, wika ng kababaihan, register ng guro, wika ng isports, at iba pa. Pinapatunayan nito na ang wikang pantao ay isang arbitratryo. Gayundin, ito ay buhay dahil sa pagbabanyuhay ng mga salita. Tulad ng isang ilog, sumasabay ito sa agos ng pagbabago sa ating lipunan, positibo o negatibo mang manipestasyon.

Ang pagbabago sa wika ay dumaraan sa ebolusyon at nakabatay sa bokabularyong napagkakasunduan ng mga mamamayang gumagamit nito. Sa paglipas ng panahon, nakabubuo rin ng mga bagong salita dahil sa pagiging malikhain ng tao. Ang wika ay sumasabay rin sa uso. Naging bahagi ng kulturang popular ang swardspeak, jejemon, at konyo. Pangunahing wika ng kabataang Filipino ang *slang*. Binubuo ito ng isang leksikon ng mga hindi estandardisadong salita at parirala sa isang tiyak na wika. Ito rin ay isang impormal na wika na ginagamit sa karaniwang pakikipagkomunikasyon. Bahagi ang *slang* ng isang wika na lagpas sa kombensiyonal o istandard na gamit ng wika. Binubuo ito ng mga bagong hangong salita, parirala o may pinalawak na kahulugan na nakapaloob sa bawat terminolohiya. Kadalasan itong nagbibigay ng impresiyon sa tagapakinig tungkol sa pag-uugali o nakagawian ng nagsasalita. Tumutugon din ito sa kraytiryang: A) ibinababa nito, kahit pansamantala ang karangalan ng pormal na pagsasalita o pagsulat; B) ang paggamit nito ay nagpapahiwatig na ang tao ay may kaalaman sa mga terminong ginagamit ng ibang pangkat; C) ang salita ay isang taboo sa ordinaryong diskurso sa pagitan ng mga taong may mas mataas na katayuan sa lipunan o may mas higit na responsibilidad; D) ginagamit ito upang mabawasan o maiwasan ang pagkayamot na dulot ng mahabang salita o mahabang paliwanag tungkol sa kahulugan ng salita.

Maraming *slang* ang umusbong, ginamit, sumikat, napalitan, at nagbagong-bihis. Isa na riyan ang *slang* ng *Generation Z* (GenZers). Ang GenZers ay kabataan na isinilang sa pagitan ng 1990 hanggang 2000. Ang paggamit ng GenZers sa salita ay naglalarawan ng sosyolohikal na kaligiran sa paggamit ng wika na mayroon lamang sila. Ang wika ng *Generation Z* (WikaGenZ) ay nag-aambag sa wika sa kasalukuyan mula sa mga transpormasyon na nagaganap sa kanilang panahon bunsod ng pag-unlad ng teknolohiya o impluwensiya ng online platforms tulad ng social media (socmed). Sisipatin sa papel na ito ang pagbuo ng *slang* ng GenZers. Titingnan ng pag-aaral kung paano nakaiimpluwensiya sa ebolusyon ng wika sa Pilipinas sa sosyolingwistikong pagtanaw.

Layunin - Pangkalahatang layunin ng papel na maunawaan ang *slang* na gamit ng kasalukuyang kabataang Pilipino sa mga piling paaralan sa Metro Manila. Susuriin din sa papel ang pagbuo ng *slang* ng GenZers.

2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan upang mailarawan ang karaniwang wikang ginagamit ng GenZers sa mga pampubliko at pribadong paaralan. Pangunahing kalahok sa pag-aaral ang mga piling mag-aaral sa Senior High School at kolehiyo sa Maynila. Malayunin ang pagpili ng mga kalahok. Tininyak na sila ay nasasaklaw ng *Generation Z*. Ang mga kalahok ay nasa edad labing-anim (16) hanggang dalawampung

(20) taon. Sila ay karaniwang may ugnayan sa kanilang kapwa GenZers at aktibo sa paggamit ng kanilang wika. Isinaalang-alang din sa pag-aaral na ito ang mga etikal na konsiderasyon lalo na sa edad at kanilang pagsang-ayon sa pagiging kalahok ng pag-aaral.

Ang pag-aaral ay natamo sa pamamagitan ng pagpapasagot ng sarbey. Ang sarbey ay nahati sa iba't ibang klasipikasyon na inihanda ng mga mananaliksik. Ang mga kalahok ay nagtala ng mga salitang karaniwan nilang ginagamit sa pasalita o pasulat mang paraan nang pakikipag-interaksiyon sa kanilang mga kaedad. Ang mga nakalap na datos ay iniisa-isa. Sinuri ang pagkakatutulad o pagkakahawig ng mga ito. Matapos na magkaroon ng mga tala sa bawat klasipikasyon, ito ay muling ipinadala sa mga kalahok para sa kanilang balidasyon.

3. Resulta at pagtalakay

Inilalahad dito ang interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga kalahok. Gumamit ng mga talahanayan upang masuri at mabigyang-analis ang mga salita. Maingat na inihanay ang mga salita mula sa orihinal patungo sa kaniwang *slang* na anyo nito at bersiyon ng GenZers. Sa ganitong paraan, madaling makikita ang tumbasan, pagpapakahulugan, o pagbabagong naganap sa mga salitang *slang*. Mula rin dito, makikita ang mga paraan sa pagkakabuo ng WikaGenz.

Talahanayan 1

Pagbabaligtad

Orihinal na salita	Slang	Bersiyon ng GenZers
bata	-	atabs
bente	-	etneb
bida	bida	adib
barkada	tropa	aport
gilid	-	gedli
idolo	idol	lodi
kapatid	bro	orb
kalbo	bokal	oblak
kuwarenta	-	takwarents
loob	Munti	oblo
malupit	malupet	petmalu
mayor	-	omsim
mismo	-	yorme
pare	pre	erp
pogi	pogi	igop
salamat	-	matsala
sampu	-	posam
sigarilyo	yosi	isoy
sige	sige	gesi
talo	olats	oltas
tayo na	tara	arat
wala	wala	alaws

Malinaw na makikita sa talahanayan na palasak pa rin ang pagbabaligtad o pagpapalit ng posisyon ng pantig upang makabuo ng bagong salita. Ang ganito pamamaraan ay mababakas na sa panahon ni Gregorio del Pilar na gumamit ng panulat sagisag na Plaridel. Gayon din, ang pambansang alagad ng sining na si Virgilio Almario ay kilala rin sa panulat sagisag na Rio Alma, isa ring pabaligtad na anyo. Ang ganitong pamamaraan ay nakita na sa isinagawang pag-aaral ni Cabaero (1980) tungkol sa wika ng mga tinedyer. Ginagawa raw ito ng mga kabataan upang sila ay maging kakaiba. Isang halimbawa nito ang “Nosi Ba Lasi?” na naging pamagat ng popular na awit noong 1989. Sa kabilang banda, hindi lumitaw ang ganitong paraan sa pag-aaral ni Zorc (1990) ng Tagalog Slang.

Ang ganitong porma ay nakita rin ni Pradianti (2013) sa kaniyang pag-aaral ng *slang* sa mga mag-aaral ng hayskul sa Bandung, Indonesia. Tinawag niya itong *back formation* na hango kay Potter (1975). Isa itong

patunay na nagaganap na ang pagbabaligtad sa mga nakalipas na dekada. Sa Pilipinas, muling nanumbalik ang sigla ng pagbabaligtad ng pantig nang tumakbo at manalong alkalde ng Maynila si Francisco “Isko” Moreno na isinilang noong 1974. Mas nakilala siya sa tawag na Yorme. Nakagiliwan ng mga tao ang kaniyang paraan ng pagsasalita kaya nailuwal ang ISKOnary, kabilang dito ang mga salitang etneb, takwarents, posam, gedli at iba pa. Sinundan na rin ito ng GenZers upang maitago ang tunay na kahulugan ng salita at maipakita ang pagiging malikhain sa paggamit nito sa sintaks o pangungusap.

Talahanayan 2

Pagpapaikli

Orihinal na salita	Slang	Bersiyon ng GenZers
best friend	-	besh
brother	-	bro, bruh
fuck buddy	-	fubu
kumpadre	pare	dre
mapapel	kupal	epal
medyo	-	mej
mongoloid	-	monggo
punyeta	punyeta	nyeta
putakti	putakte	takte
putang ina	pukeng ina	kingina
putang ina	-	taena
sige	-	geh
sister	-	sis

Sa Talahanayan 2, makikita ang pagpapaikling naganap sa salita. Ang ganitong paraan ay nakita sa pag-aaral ni Zorc (1990) na tinawag niyang pag-aalis ng pantig. Samantala, nakita rin ni Concepcion (2012) na may pagpapaikling nagaganap sa mga salitang ginagamit ng mga manlalaro ng DoTA. Ang ganitong porma ay nakita rin ni Pradianti (2013) sa kaniyang pag-aaral ng *slang* na tinawag niyang *clipping* (Yule, 2010). Kapansin-pansin na isang pantig na lamang ang natira sa naganap na pagpapaikli tulad ng besh, bro, bruh, dre, mej, geh, at sis. Karaniwan ding nagaganap ang pagkakaltas sa unahan o hulihang pantig. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng pagpapadali sa pagbigkas ng salita.

Talahanayan 3

Pagbabago ng ispelang

Orihinal na salita	Slang	Bersiyon ng GenZers
ako	-	acoe, aq
ano ba	-	enebe, ene beh
ate	-	the
bakla	bekla	beks, beki
bestfriend	-	beshy, besh
boss	bossing	boxsz
cool	cool	kewl
fucker	fucker	pakker
gago	ogag	gegu, gags
ganoon	ganun	ganern
hala	-	luh
hayop	-	haup, hype
hayun	ayun	ayown
kaya	okey	keri
kumadre	mare	mars
mother, mommy	-	mamshie
puta	-	pucha
tanga	tan-ga	shunga
tanga	tan-ga	tangeks
sister	-	sissy

Sa ikatlong talahanayan, makikita na ang GenZers ay bumubuo ng bagong banghay o pagbabago ng ispeleng ng mga salita sa pamamagitan ng pag-iimbento, paglalaro ng salita at metatesis na halos nagaganap sa mga salitang *slang*. Ang metatesis ay nakita rin sa pag-aaral ng Tagalog Slang (Zorc, 1990). Ang pagbabago ng banghay o ispeleng ay walang tiyak na sinusundang lingguwistikang porma na mababasa sa mga aklat panggramatika o tuntuning panggramatika. Ito ay nabubuo sa malikhaing paraan sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga pantig sa orihinal na salita tulad ng “kaya” na naging “keri”, “ano ba” na naging “enebe”, at “putang ina” na naging “taena”. Mapapansing nabubuo ang bagong salita na hindi nalalayo sa orihinal na bigkas nito. Makikita rin ang impluwensiya ng jejemon at bekimon sa pagbuo ng WikaGenZ. Masasalamín ito sa paggamit ng /h/, /s/, /c/, at /q/ gayudín sa palitan ng mga patinig na /a/ at /e/, /o/ at /u/.

Talananayan 4

Akronim

Orihinal na Salita	Bersiyon ng GenZers
All right	AYT
As far as I know	AFAIK
As fuck	AF
At the moment	ATM
Be right back	BRB
By the way	BTW
Coffee, coffee lang	COCOL
Good game	GG
Good game, well played	GGWP
Hang out, hang out lang	HOHOL
Hit me up	HMU
Homework	HW
I don't care	IDC
I don't know	IDK
Just got home	JGH
Kill joy	KJ
Laugh out loud	LOL
Laughing my ass off	LMAO
Make out, make out extreme	MOMOX
Make out, make out lang	MOMOL
Make out, make out with love	MOMOWL
Nevermind	NVM
Outfit of the day	OOTD
Talk to you later	TTYL
Thank God It's Friday	TGIF
Thank you	TY
Thank you Lord	TYL
To be honest	TBH
What the fuck	WTF
What to do	WTD
Where to go	WTG
Yosi break	YB

Kapansin-pansin din na palasak sa WikaGenZ ang akronim na mula sa unang letra ng bawat salita sa parirala maliban sa *nevermind* na naging NVM at homework na HW. Makikita rin na ang tala sa itaas ay pawang Ingles. Kadalasan itong ginagamit ng GenZers sa sintaks sa Filipino na tila halaw sa konyo. Ang tiyak na pagkakaiba nito sa konyo ay paggamit ng akronim sa halip na buong salita. Halimbawa:

- Damings HWS (homeworks). BTW (by the way), may nagawa ka na?
- GG (good game) ka ngayon, ah.
- Ganda ng OOTD (Outfit of the day)!
- YB (yosi break) tayo.

Ang ganitong paraan ng pagbuo ng salita ay bunsod din ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at lubhang

pakikisangkot ng GEnZers sa social media. Sa pamamagitan ng akronim, mas napapadali ang pakikipag-interaksiyon lalo na kung ang bawat isa ay nakikipag-usap sa chat. Nakita rin ni Sandoval (2012) sa kaniyang pag-aaral ng eFil sa internet ang paggamit ng akronim o pagdadaglat partikular sa komunikasyon sa internet. Ganito rin ang larawan ng *slang* sa isinigawang pag-aaral ni Trimastuti (2017) ng Politeknik Piksi Ganesha Bandung matapos niyang suriin ang mga post sa social media ng mga kabataan sa Indonesia. Samantala, ang ganitong paraan ay tinawag ni Zorc (1990) na paggamit ng mga unang letra sa kaniyang pag-aaral na isinagawa.

Talahanayan 5

Pagpapalit ng salita sa salita

Orihinal na Salita	Bersiyon ng GenZers
ari ng lalaki	nota, notring
as in	salt
awit	sagwa
back	retreat
burger	bugrits
Diyos ko!	juicecolored, emeged
galit	triggered
game ka na ba	carps
gulat	shookt
hindi	deins
hindi nga	weh
hirap	nosebleed
ka-lovelife	sparks
kaibigang lalaki	paps, papi, idol
lakad, alis	gora
landi	awra
maganda	diyosa
mag-enjoy, inom	walwal
mahina	weak
mahirap, iskwater	squammy
malandi	harot, higad
malanding lalaki / babae	fuccboi, fuckgirl
marupok	fragile
masarap	yummy (tumutukoy sa tao)
nag-aabang	abangers
naiirita	jeee/ jiz
okey	POTS
oo	yah, yeah
pa cute	pabebe
pangit	chaka
pasang-awa	clutch
patingin	sharks (pating)
pilit	SAGS
pogi	papi
sasama ako (I am go)	pics
seks (intercourse)	Netflix, chill
shit (shet)	tae
silahis	bi, paminta, kloseta
sinungaling	ahas, barber
sugod	rekta
tao	utaw
tae	jebs
talk shit (hindi magandang kausap)	tokis
tanga	tolongges
tomboy	shiboli
tsika (joke lang)	charot, char

Nakapaloob sa Talahanayan 5 ang pagpapalit ng salita mula sa orihinal na salita. Kapansin-pansin na ang pagpapalit ay iniuugnay sa salitang Ingles tulad ng salt, retreat, triggered, nosebleed at iba pa. Pangalawa, may mga salitang hango sa bekinese o jejenese tulad ng gora, jeee/ jiz, jebis, charot at iba pa. Panghuli, malakas ang impluwensiya ng telebisyon at social media sa pagpapalit ng salita tulad ng fuccboi, fuccgirl at Netflix.

Talahanayan 6

Pagbabago ng kahulugan

Orihinal na salita	Bersiyon ng GenZerS	Etimolohiya	Kahulugan
asin	Salt	pinagsamang as at in	as in
Potassium	POTS	mula sa kemikal na simbolo ng Potassium na K	Okey
saging	Sags	Pagbabalat ng saging o sa Ingles <i>peel it</i>	Pilit
tingin	Sharks	pating + in (to look)	Patingin

Sa isang karaniwang tagapakinig, ang mga salita sa itaas ay maibabatay sa denotatibong kahulugan. Subalit sa GenZers, ito ay may ibang kahulugan. Nagpapakita ito ng estrata dahil ang karaniwang gumagamit ng salitang ito ay mga konyo o mga mag-aaral sa prestihiyosong paaralan. Inilalahad nito ang wika ay may istatus na kinabibilangan ayon sa gumagamit nito.

Talahanayan 7

Pag-uugnay sa pangalan ng tao o politika

Orihinal na Salita	Kahulugan sa WikaGenz
Carmi Martin	karma
Gardo Versoza	haggard (Haggardo Versoza)
Gelli de Belen	nagseselos
Leila de Lima	bisexual, bakla
Luz Valdez	talunan
Oprah Winfrey	pangako
Spiderman	jumper / nagnanakaw ng kuryente
Tom Jones	gutom
Ka-DDS	kabarkada, kagrupo
Dutertards	tagapagtanggol ni Pangulong Duterte

Mapapansin sa talahanayang ito ang paggamit ng pangalan ng kilalang tao upang maiugnay sa isang sitwasyon o konsepto. Ito ay impluwensiya ng swardspeak o gaylingo. Kapansin-pansin din na marami sa mga ito ay matagal nang umiiral sa bokabularyo ng isang tiyak na pangkat ng tao. Lumaganap ito at tinatangkilik hanggang sa kasalukuyan. Nagkaroon lang ng pag-aapdeyt o pagdaragdag ng mga kilalang tao sa kasalukuyan tulad nina Senador Leila de Lima at Pangulong Rodrigo Duterte.

Talahanayan 8

Pagbuo ng ekspresiyon

Ekspresyon ng GenZers	Kahulugan
Beast mode	galit
Eme-eme	hindi masabi o maalaala
Goal	nais makamit o makuha
Hanash	maraming sinasabi o komento
Hokage	nangmamanyak o maruming galawan
Hugot	damdaming kaugnay ng pag-ibig tulad ng paghihiwalay
Lamnadis (alam na this)	tanging magkakaibigan lamang ang nakaalam ng isang bagay o pangyayari
Ninja moves	mabilis, madiskarte o tahimik na galaw ngunit malupit
Pag may time	udyukan ang tao na kumilos sa pabirong paraan
Pag may time	udyukan ang tao na kumilos sa pabirong paraan
Peg	uso
Sponki	sponsor na beki
Struggle is real	hirap na hirap, may kinakaharap na problema

Ang mga ekspresiyong ito ay karaniwang ginagamit ng GenZerS sa kanilang pang-araw-araw na transaksyon at interaksyon. Ilan sa mga ito ay hango sa kanilang pinapanood na nagkaroon ng pagbibihis ayon sa sitwasyong pinaggagamitan nito. Karaniwang ang mga ekspresiyong ginagamit ay may malayong kahulugan sa salitang pinaghanguan nito. Halimbawa, ang *beast mode* na nangangahulugang galit ay hango sa bansag kay Marshawn Lynch, Amerikanong manlalaro ng football. Tinawag siyang *beast mode* dahil sa kaniyang estilo sa pagtakbo at kakayahang ipagtanggol ang bola at buwagin ang kalaban. Samantala, ang Hokage at Ninja moves ay hango sa *manga* serye na Naruto. Si Hokage ang pinakamataas at pinakamalakas na *ninja* sa kanilang komunidad. Siya ay itinuturing na pinuno at mabuting huwaran sa komunidad na taliwas sa naging kahulugan nito sa WikaGenZ na pangmamanyak, maruming galawan, at galawang malupit. Dahil ang mga ito ay naging bukambibig na ng GEnZers, malabo na itong maibalik sa tunay nitong kahulugan. Samantala, ang lamnadis ay pinapaniwalaang sumikat nang ginamit ito ni Lloyd Cadena, isang social media personality, sa kaniyang memes. Tingnan ang karaniwang paggamit nito sa pangungusap.

- Hanggang ngayon palpak, ah. *Beastmode* na ako!
- *Eme-eme* lang sinasabi niyan sa klase.
- Taray! *Relationship goals* ang peg.
- Ang dami mong *hanash* sa buhay, noh!
- *Humuhokage* ka na naman!
- May *hugot* ka na naman.
- Huli kita may kasamang babae, *lamnadis*.
- Taray! *Ninja moves* kanina sa test!
- Ligo-ligo din *pag may time*.
- Ano ang *peg* ng suot mo?
- Push mo lang ‘yan naiisip mo.
- Naku, *sponki* yang si X.
- Hayssss, *struggle is real*.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ang wika ay buhay at dinamiko sa lipunang patuloy na gumagamit ng midya at teknolohiya. Ang impluwensiya ng social media platforms tulad ng Twitter, Facebook, Instagram, telebisyon at iba’t ibang panoorin ay nagbubunsod ng eksperimentalisasyon sa mga bagong salita at mga umiiral nang mga salita. Ipinapakita rin ng papel na ito na patuloy pa rin ang transpormasyon ng mga salita batay sa impluwensiyang sosyal at kultural. May mga salita ring sadyang sumisibol sa isang tiyak na pangkat ng tao. Malinaw itong nakita sa pag-aaral nang ang GenZers ay makalikha ng WikaGenZ na masasabing kanila lamang. Bagamat kapansin-pansin na ang pagkakabuo ng kanilang mga salita ay hindi nalalayo sa naunang pamamaraan ng ibang pangkat sa pagbuo ng kanilang salita. Kabilang sa dati ng paraan ng pagbuo ng salita ang pagbabaligtad, pagpapaikli, pagbabago ng ispeling, akronim, at pag-uugnay sa pangalan ng tao o politika. Samantala, nakabuo ang GenZers na ibang paraan sa pagbuo ng salita tulad ng pagpapalit ng salita sa salita, pagbabago ng kahulugan, at pagbuo ng ekspresiyon. Masasabi na ang WikaGenZ ay isang varayti ng wika na maaaring makaimpluwensiya sa baryasyon ng wikang Filipino sa Maynila. Magaganap lagi ang bagong anyo o transpormasyon kung ito ay patuloy na ginagamit at lumalaganap sa isinasagawang interaksyon at transaksyon ng GenZers.

Iminumungkahi na ipagpatuloy ang pag-aaral ng WikaGenZ tulad ng epekto nito sa pasulat na diskurso, implikasyon nito sa tumatanggap ng mensahe na hindi nabibilang sa kanilang henerasyon, mga transpormasyong panlingguwistika na nabubuo sa wika ng GenZers at iba pang henerasyon tulad ng *generation alpha*, mga pangkat o organisasyon.

5. Sanggunian

- Alonzo, R. I. (2012). Baryasyon at varati ng wika. In J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), *Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino* (pp. 40-58). Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- Concepcion, G. P. (2012). Ang umuusbong na wika ng kabataang Filipino sa paglalaro ng DoTA. In J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino* (pp. 176-181). Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- D'Angelo. (2017). *Are Filipinos destroying the true meaning of Hokage?* Retrieved from <https://www.otakucosplayph.com/2017/07/are-filipinos-destroying-true-meaning-hokage.html>
- Harris, Z. S. (1951). Review of Sapir 1949. *Language*, 27(3), 288-333. <https://doi.org/10.2307/409757>
- Nuncio, E. M., Nuncio, R. V., Gragasín, J.M.D., Valenzuela, R.F., & Malabuyoc, V. A. (2014). *Makabagong Filipino sa nagbabagong panahon*. Philippines: C & E Publishing, Inc.
- Potter, S. (1975). *Our language*. Canada: Pinguin Book.
- Pradianti, W. (2013). The use of slang words among junior high school students in everyday conversation: A case study in the ninth grade students of a junior high school in Bandung). *Journal UPI*, 1(1), 87-98.
- Salma, A. (2013). Gender influence on slang used by teenagers in their daily conversation at school. *Passage*, 1(2), 63-70.
- Sandoval, M. A. S. (2012). Wika sa komnet, isang bagong rehistro ng wikang Filipino. In J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), *Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino* (pp. 157-175). Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- Tablazon, C. (2015). The jejemon as symptom and slippage: Notes on issues of power and identity in media literacy and (mass) communication. In A. T. Torres, L. L. Samson, & M. P. Diaz (Eds.), *Filipino generations in a changing landscape* (271-276). Philippines: Philippine Social Science Council.
- Trimastuti, W. (2017). An analysis of slang words used in social media. *Jurnal Dimensi Pendidikan dan Pembelajaran*, 5, 64-68.
- Wardhaugh, R. (2010). *An introduction to sociolinguistics* (6th ed.). UK: Wiley – Blackwell.
- Yule, G. (2010). *The study of language* (4th ed.). UK: Cambridge University Press.
- Zorc, R. D. (1990). Tagalog slang. *Philippine Journal of Linguistics*, 21, 72-82

